

KAAYUSAN NG PAGSAMBA

Paghahanda sa Pananambahan

Pagbubulay-bulay

"It's not how much we give, but how much love we put into giving."

- Mother Teresa

PROSESYONAL

✠ TAWAG SA PAGKAKATIPON

Patnugot: Ang lahat ng bansa'y magpuri sa Diyos, inyong iparinig papuring malugod.

Kapulungan: Iniingatan Niya tayong pawang buhay, di tayo bumagsak, di Niya binayaan!

Patnugot: Ako'y maghahandog sa banal mong templo ng aking pangako na handog sa Iyo.

Kapulungan: Pati pangako ko, nang may suliranin, ay ibibigay ko, sa Iyo dadalhin.

Lahat: Purihin ang Diyos! Siya'y papurihan; pagkat ang daing ko'y Kanyang pinakinggan at ang pag-ibig Niya sa aki'y walang katapusan.

✠ AWIT NG PAGPUPURI "Tindig Ka at Kay Jesus" MASP 31

Tindig ka! At kay Jesus, tayo ay sumunod
Walín ang pagkatakot sa pakikihamok
Ngayo'y naninilbihan, taong karamihan,
At nangakikilaban na di naghuhumpay

Kay Jesus ka sumanib, di sya magagahis
Wala kang masasapit, mahina kang labis
Aral niya'y isangkap sa buhay isakbat
Nang hindi ka malinsad, sa iyong paglakad

Humayo ka't magtindig, ituloy ang nais
Pakinggan mo ang tinig ng nagsisiawit
At pinapupurihan, Haring nagtagumpay
At nagbigay ng buhay sa nasa libingan

✠ PANIBUKAS NA PANALANGIN

Patnugot

Pinupuri at dinadakila po namin ang Inyong kaluwalhatian, O Diyos, sa inyong katapatang iginagawad sa amin. Sa umaga pong ito ng aming pagtitipon, mabuksan nawa sa amin ang tunay na kuhulugan ng kapayapaang nagmumula sa inyo. Pangunahan po ninyo kami sa aming pagsamba. Sa pangalan ni Jesus. Amen.

Tugong Awit

" Sa Puso Ko "

MASP 263

Sa puso ko, sa puso ko, pumasok ka aking Jesus
Manatili ka nang lubos, sa aking puso, O Jesus

TAWAG SA PAGSISISI

Patnugot

Bawa't isa'y hangad ang kapayapaan at ganap na buhay. Subali't tiningnan lamang natin ito bilang pansariling gawain. Ating kinalimutan ang marami sa ating mga kababayang naghihirap at nagsisikap upang ang mga biyaya ay makarating sa atin. Ipinagwalang-bahala natin na kahit sila man ay mayroon ding ganitong layunin. Subali't sa halip na samahan natin sila, sila ay ating tinalikuran. Tinalikdan natin ang atas ng Panginoon. Halina't ating hingin ang Kanyang kapatawaran.

(Tahimik na panalangin ng pagsisiyasat ng sarili at pagsisi.)

KATIIYAKAN NG KAPATAWARAN

Pastor

Kung bawa't isa ay maghahangad ng kapayapaan at kasaganaan para sa lahat, lubusan itong ipagkakaloob sa atin ng Diyos. Sapagka't atin nang iniwan ang pagkamakasariil at pagiging duwag, tiyak na ipinagkaloob sa atin ng Panginoon ang kapatawaran.

Tugong Awit

"Sa Pag-ibig ng Diyos"

MASP 252

Sa pag-ibig ng Diyos, Kanyang ibinigay
Bugtong Niyang Anak, sa krus ay namatay
Muli Siyang babalik, laking kagalakan
Dahil sa pagmamahal

✠ PAGBABAHAGINAN NG KAPAYAPAAN

MGA PATALASTAS, BALITA AT MALASAKIT NG KAPATIRAN

PANALANGIN NG PAMAYANAN

Pastor

Tugong Awit

"Kung Masdan Ko ang Lahat ng Nilikha"

MASP 98

Sumisigaw, O Diyos ang puso ko,
Dakila ang pag-ibig Mo, at ang taghoy ng puso
sa Iyo, Dakila ang pag-ibig Mo.

PAGBASA SA BANAL NA KASULATAN

✠ Mula sa Lumang Tipan

Exodus 16:1-26

✠ Gloria Patri

✠ Mula sa Ebanghelyo

Lukas 24:36-46

MENSAHE SA AWIT

MENSAHE SA SALITA

SANDALI NG PAGNINILAY

TAWAG SA PAGHAHANDOG

Patnugot

Ang kahandaan natin upang makibahagi ay susi sa pagkakaroon ng mainam na ministeryo. Kalakip ng pagkakaloob ay ang pag-asa na makamtan ng lahat ang tunay na kapayapaan. Halina't ating ialay ang ating buhay at tinatangkilik.

PAGLILIKOM NG HANDOG

✠ Doksolohiya

✠ PANALANGIN NG PASASALAMAT

Tagalikom

Salamat po, O aming Panginoon, sa mga biyaya ng buhay na ipinagkakaloob ninyo sa amin. Tulungan po ninyo kami sa pagtataguyod ng mga gawaing ito sa iglesya, gamitin po ninyo ang mga handog na ito at igawad ang pagpapala sa mga nakikibahagi sa pagtatag ng inyong sambahayanan. Sa pangalan ni Jesus. Amen.

ONE-DAY WAGE FOR THE LORD

AWIT NG PAGTATALAGA

"Ang Panginooy Siyang Huhukom"

MASP 144

Kung ang pakakak ng Panginoon ay tumugtog na,
At ang maligayang araw'y bumuka
Kung ang lahat ng tao'y nagkakatipon na doon,
Ang Panginoon ay siyang huhukom

**Koro: Kung lahat ay magkatipon,
Kung lahat, ay magkatipon,
Kung lahat ay magkatipon
Ang Panginoon ang siyang huhukom**

At sa araw na yaon mga patay ay babangon,
At mangagpuri sa Panginoon,
Kung lahat ng pinili sa langit ay magkatipon,
Ang Panginoon ang siyang huhukom

✠ Bayaan akong mag-ingat, hanggang siya'y dumatal
Itatanghal ko kanyang kabutihan
Nang ako'y masama sa kanya magpakailanman
At hwag sa walang hanggang kamatayan

✠ **PANALANGIN NG PAGTATALAGA** Pastor
✠ **BASBAS** Pastor
✠ **Tatlong Amen**


**Pangwakas na Tugtugin
Resesyonal**



UNITED CHURCH OF CHRIST IN THE PHILIPPINES
South Luzon Jurisdiction
NORTHEAST SOUTHERN TAGALOG CONFERENCE
(Church Name and Address)



**Ika-6 na Linggo ng Pagkabuhay
One-Day Wage for the Lord Sunday**
May 21, 2017



MGA TAGAPANGUNA

Patnugot:

Manunugtog :

Tagapamahalang Pastor:

KAAYUSAN NG PAGSAMBA

Paghahanda sa Pananambahan

PAGBUBULAY

“Convert and convince with your Spirit and with the examples of your true servants those who have been misled by promise of false justice and peace in this world. Unite the people of the world in spirit of love and rule over us from above. Judge in favor of the creation which you created in love.” - Zephania Kemeeta

PROSESYONAL

✠ TAWAG SA PAGKAKATIPON

Patnugot: Magbangon Ka, O Diyos, kaaway ay pangalatin at ang mga namumuhi'y tumakas sa kanyang piling.

Kapulungan: Kung paanong yaong usok tinatangay ng hangin, gayon sila itataboy, gayon sila papaalisin;

Patnugot: At kung paanong yaong pagkit sa apoy ay natutunaw, sa harap ng Panginoon ang masama ay papanaw.

Kapulungan: Ngunit lahat magagalak, matutuwa ang matuwid; sa harapan nitong Diyos, galak nila'y di malirip.

Lahat: Awitan natin ang Diyos, purihin ang Kanyang ngalan, maghanda ng isang landas upang kanyang maraanan, ang pangalan ni Yahweh, magalak na papurihan.

✠ AWIT NG PAGPUPURI “Ang Ganda ng Daigdig” MASP 9

Ang ganda ng daigdig at lualhati ng langit,
Atin pang mamamasid ang simulang pag-ibig

Koro: Aming inihahayag Diyos, ang pasasalamat.

Ganda ng bawat oras, sa araw at magdamag
Gilid, kahoy, bulaklak, araw bit'wing makislap

Sa galak ng pananaw, sa puso at isipan
Sa hiwaga ng ugnay, ang lahat ng pangdamdam

Sa galak ng pag-ibig, nating magkakapatid
Pinag-ugnay ang isip ng sa lupa at langit

Sa Iglesya mong banal, tuwina ay kautang
Ng nangangailangan, sa gawaing marangal

Sa Banal Mong Kaloob, na sa amin ay handog
Sa dakilang pag-irog ni Cristong Mananakop

✠ PANIBUKAS NA PANALANGIN

Sa inyo po, Panginoon, kami ay nagpapasalamat. Sa inyong kabutihan at kagandahang-loob sa amin, sa pagdiriwang ng inyong katapatan sa pagdiriwang ng

pagkakatag ng United Church of Christ in the Philippines. Sa umaga pong ito ng aming pagpupuri at pagsamba, nawa'y lubos namin Kayong maparangalan at hindi ang aming mga sariling pagsisikap. Kayo po ang pumagitna sa aming pananambahang ito. Sa pangalan ni Jesus. Amen.

Tugong Awit

“ Sa Puso Ko”

MASP 263

Sa puso ko, sa puso ko, pumasok ka aking Jesus
Manatili ka nang lubos, sa aking puso O Jesus

TAWAG SA PAGSISISI

Patnugot

Kami ay pawang mga nagkulang sa aming pananampalataya at sa aming kasiglahan sa paglilingkod. Ang aming mga katawan ay pawang naratay sa aming pagkakakaalipin sa kasalanan. Kailangan po namin ang inyong habag at pagpapatawad. Tulungan po ninyo kami, O Panginoon, at patawarin sa aming mga pagsalangsang.

(Tahimik na panalangin ng pagsisiyasat ng sarili at pagsisisi.)

KATIYAKAN NG KAPATAWARAN

Pastor

Bagama't nagkulang tayo sa ating pananalig, ang ating pagpapakumbaba sa Kanyang harapan ay tuluyang nagdudulot sa atin ng panibagong pag-asa kung lubos tayong mananampalataya sa Kanyang katuwiran. Halina't ating tanggapin ang kapatawarang dulot ng iisa nating Panginoon.

✠ PAGBABAHAAN NG KAPAYAPAAN

MGA PATALASTAS, BALITA AT MALASAKIT NG KAPATIRAN

PANALANGIN NG PAMAYANAN

Pastor

Tugong Awit

“Nasa ni Jesus sa Akin”

MASP 305

Nasa ni Jesus sa akin, ako ay magingning
At sa lahat ng gagawin, Siya'y luwalhatiin

**Koro: Magingning, magingning,
Ang nais niya sa akin, magingning
Magingning, upang Siya'y purihin**

PAGBASA SA BANAL NA KASULATAN

✠ Mula sa Lumang Tipan

Daniel 12:13

✠ Gloria Patri

✠ Mula sa Ebanghelyo

Markos 16:15-20

MENSAHE SA AWIT

MENSAHE SA SALITA

SANDALI NG PAGNINILAY

Patnugot

TAWAG SA PAGHAHANDOG

Patnugot

Sadyang ang biyaya ng Diyos ay para sa lahat. Sa mga pagpapalang ating tinamasa, marapat lamang na ating ihandog sa Panginoon ang ating buong makakaya at ilaan ang ating buhay sa paglilingkod sa Kanya.

PAGLILIKOM NG HANDOG

✠ **Doksolohiya**

✠ **PANALANGIN NG PASASALAMAT**

Tagalikom

Salamat po, O aming Panginoon, sa mga biyayang patuloy ninyong ipinagkakaloob. Narito po at aming iniaalay sa inyo ang aming mga pagsisikap at mga pangarap. Pakabanalin po ninyo ang mga halagang ito upang maging alulod ng pagpapala sa mas nakararami. Sa tanging pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo. Amen.

AWIT NG PAGTATALAGA

"Itinaas Ako ng Pag-ibig"

MASP 121

Sa 'king kinalalagyan, dagat ng kasama'n
Halos di na makuhang umahon sa pampang
Nguni't ang Panginoon, sa aking pagtaghoy
Ay siya ang nag-ahon at umampon

**Koro: Itinaas (ako) ng pag-ibig, (ako)
Nang walang sumagip, Tinangkilik
Itinaas (ako) ng pag-ibig, (ako)
Nang walang sumagip, Tinangkilik**

Puso ko'y ihahandog sa kanyang alindog;
Buhay ipasasakop, hanggang sa malagot,
Sa pag-ibig na tunay, kalulwa ko'y alay
Sa paglilingkod laan kailanman

✠ Sa kalulwang panganib kay Jesus sumandig
Upang kayo'y masagip sa along mabangis
Siya ang Panginoon, dapat na masunod;
Ito ang kanyang layon sundin ngayon.

✠ **PANALANGIN NG PAGTATALAGA**

Pastor

✠ **BASBAS**

Pastor

✠ Tatlong Amen

PANGWAKAS NA TUGTUGIN

Resesyonal




UNITED CHURCH OF CHRIST IN THE PHILIPPINES

South Luzon Jurisdiction

NORTHEAST SOUTHERN TAGALOG CONFERENCE

(Church Name and Address)



Ika-7 Linggo ng Pagkabuhay

UCCP Anniversary Sunday

May 28, 2017

MGA TAGAPANGUNA

Patnugot:

Manunugtog :

Tagapamahalang Pastor: